



## *Buong Teksto*

# ANG BATANG BABAENG UNGGOY AT ANG KUWINTAS NA PERLAS

Nagkakagulo ang palasyo dahil nawawala ang makinang na Kuwintas na Perlas ng Reyna. Para mahanap ang kuwintas, gumawa ng plano ang Punong Guwardiya upang matuklasan kung sino ang salarin. Paano kaya mahahanap ng Punong Guwardiya ang Kuwintas na Perlas?

Mga Kwentong Jataka: sari-saring salaysay mula sa buhay ni Buddha, inihahandog sa inyo ng Areté at ng Embahada ng India, kaakibat ng Loyola Schools Kagawaran ng Filipino. “Ang Batang Babaeng Unggoy at ang Kuwintas na Perlas” isinalin sa

Filipino ni Claudette M. Ulit, PhD at babasahin satin ni Carlota B. Francisco.

Noong unang panahon, may isang hari na nanggagalang Brahmadata na namuno sa siyudad ng Banaras. Ang kaniyang puno ng mga guwardiya, ang Bodhisattva ay isang pantas at maalam na tao.

Isang araw, naglalakad ang reyna at kaniyang mga kaibigan sa hardin ng palasyo. Napakainit noong araw na iyon, kaya’t napagpasiyahan nilang maligo sa maharlikang paliguan upang maibsan ang init. Bago lumublob sa paliguan, tinanggal ng reyna ang kaniyang kuwintas na perlas at ibinigay sa kaniyang aliping babae upang itabi. Inilagay ito ng alipin sa kahong gawa sa kahoy at umupo sa ilalim ng puno upang pagmasdan ang mga maharlikang babaeng nagkakasiyahan sa paliguan.

May ilang unggoy na naninirahan sa mga punong malapit sa paliguang yaon. Nasilayan ng batang babaeng unggoy ang nagniningning na kuwintas na perlas at labis siyang nahalina nito. Naguni-guni niya kung gaano siya kaganda kapag nakasuot na ang kuwintas sa kaniyang leeg. Kaya, naghintay siya, umaasang makakatulog paglaon ang babaeng alipin na nagbantay sa kahong gawa sa kahoy. Hindi naman naghintay nang matagal ang batang babaeng unggoy, dahil ang babaeng alipin, na pagod na sa panood sa reyna na nakikipaglaro sa kaniyang mga kaibigan, ay nagsimula nang yumukayok sa init ng araw at sa wakas tuluyan nang nakatulog.

Simbilis ng kidlat, tumalon pababa ang batang babaeng unggoy, kinupit ang kuwintas, at

nagmamadaling bumalik sa puno. Isinuot niya ito sa kaniyang leeg at hinangaan sandali ang sarili. Pagkaraan, sa kaayawang makita ito ng ibang unggoy, itinago niya ang kuwintas na perlas sa guwang ng puno.

Nang magising ang babaeng alipin, natigilan siya nang makitang nawala ang kuwintas. Sumigaw siya nang napakalakas, “May nagnakaw ng kuwintas na perlas ng reyna!”

Nagdatingan ang mga guwardiya ng palasyo mula sa iba’t ibang bahagi at hinalughog ang maharlikang hardin upang hanapin ang sinasabing magnanakaw. Samantala, may isang palaboy na nasa labas ng mga bakod ng hardin. Narinig niya ang kaguluhan at, sa takot na maakusahan, agad siyang umalis. Nagduda ang mga maharlikang guwardiya dahil dito. Hinuli nila ang palaboy at sinimulang bugbugin. Itinanggi ng palaboy ang pagnanakaw sa kuwintas ng reyna, ngunit hindi naniwala sa kaniya ang mga guwardiya at lalo pa siyang sinaktan. Natakot ang lalaki na mapatay siya sa bugbog ng mga guwardiya kung ipagpapatuloy pa niya ang pagtanggap, kaya inamin niya ang pagnanakaw.

Iniharap ang palaboy sa Hari at hinatulan ng pagnanakaw ng kuwintas ng reyna. Galit na galit ang Hari nang marinig ang buong kuwento at tinanong ang lalaki sa isang matigas na tono, “Nakagawa ka ng isang seryosong pagkakasala! Ngayon, sabihin mo sa amin, ano ang ginawa mo sa kuwintas na perlas?”

Sa pagsisikap na maalís sa kaniya ang sisi, sumagot ang lalaki, “Kamahalan, ako’y isang mahirap. Ano ang aking gagawin sa kuwintas na perlas? Ang tanging kailangan ko ay kaunting salapi upang bumili ng makakain. Ang tesurero ang tumukso sa aking nakawin ang kuwintas. Ninakaw ko ito mula sa hardin at ibinigay sa kaniya. Alam niya ang lahat ng tungkol dito.”

Ipinatawag ng Hari ang tesurero at tinanong siya kung talaga bang ipinasa sa kaniya ng palaboy ang kuwintas. Naisip ng tesurero ang kaparehong pahayag ng palaboy at inako ang krimen upang mailigtas ang sarili. Itinanong ng hari, “Ano ang ginawa mo sa kuwintas na perlas?” Katulad ng palaboy, ipinasa rin ng tesurero ang sisi sa maharlikang pari at sinabing, “Nagtatrabaho ako sa ilalim ng pamamahala ng maharlikang pari, nasa kaniyang tahanan ang kuwintas na perlas.”

Kaya, ipinatawag ng korte ang maharlikang pari at tinanong rin sa parehong paraan. Wala nang nakikitang ibang paraan upang makaalis sa sitwasyon, ikinumpisal din ng maharlikang pari ang kaniyang kaugnayan sa krimen. Gumawa rin siya ng kuwento na ibinigay niya ang kuwintas sa punong musikero, na nagsabing ireregalo niya ito sa isang mananayaw. Nang

nakaharap na ng Hari ang mananayaw, itinanggi niya na natanggap niya ang kuwintas.

Naroon din ang Bodhisattva sa korte ng Hari at matamang nakikinig sa iba't ibang bersiyon ng mga akusado. Nahirapan siyang paniwalaan na kahit sino ay maaaring makapasok at makatakas sa maharlikang hardin nang hindi napapansin. Nakatitiyak siyang wala sa mga akusado ang may kinalaman sa nakawan, at ibinubunton nila ang sisi sa isa't isa para lamang mailigtas ang sarili sa poot ng Hari. Nagtungo siya sa hardin at muling siniyasat ang buong lugar na pinangyarihan ng insidente. Napansin din niya ang isang pangkat ng mga unggoy na nag-uumpukan sa mga puno ng hardin. Naisip niya na marahil gawa ito ng makukulit na unggoy, at baka sila nga ang tunay na salarin.

Upang tiyakin ang kaniyang hinala, kumuha siya ng mga kuwintas na gawa sa abaloryo. Pagkatapos ay nagtungo siya sa hardin at inilagay ang mga ito sa ilalim ng puno kung saan nakatira ang mga unggoy. Nabighani ang lahat ng mga unggoy sa kintab ng mga abaloryong nasa mga kuwintas. Isa-isa silang nagsibaba at kumuha ng isang kuwintas maliban sa batang babaeng unggoy na nanatiling kontentong nakaupo sa isang puno. Hindi siya interesadong kumuha ng isang abaloryong kuwintas para sa kaniyang sarili.

Nagtago ang Bodhisattva sa likod ng isang malaking bato kasama ng ibang guwardiya at naghintay.

Nagpapansin ang lahat ng unggoy at ipinagmamalaki ang kanilang mga kuwintas. Hindi na mapigilan ng batang babaeng unggoy ang pagnanasang ipakita ang kaniya ring ipinagmamalaking pag-aari. Inilabas niya mula sa guwang ng puno ang kuwintas na perlas at isinuot ito sa kaniyang leeg. Saka niya may pagmamalaking tinawag ang iba pang unggoy at sinabing, “Tumingin kayo rito! Kayong lahat ay may karaniwan lamang na mga abaloryong kuwintas, pero ang sa akin ay tunay na mga perlas.”

Sa pagkakataong iyon, lumabas ang mga guwardiya at hinawakan ang batang babaeng unggoy sa braso. Matapos mabawi ang kuwintas ng reyna mula sa batang babaeng unggoy, binigyan siya ng Bodhisattva ng abaloryong kuwintas at pinakawalan na siya. Sa gayon, nalutas niya ang misteryo ng nawawalang kuwintas. Labis na nasiyahan ang Hari sa talas ng isip ng Bodhisattva at binigyan siya ng malaking gantimpala.

\*\*\*

## **Mga Kasalukuyang Kwento sa Serye**

Ang Haring Matsing  
Ang Nagsasayaw na Paboreal  
Ang Madaldal na Pagong  
Ang mga Nakakita sa Punòng Judas  
Ang Jackal na Nagligtas sa Leon  
Ang mga Lawin at ang kanilang mga Kaibigan

Ang Nagbabanal-banalan  
Ang mga Prinsipe at ang Engkanto ng Tubig  
Ang Batang Babaeng Unggoy at ang Kuwintas na Perlas  
Ang Puso ng Matsing  
Ang Ginintuáng Gansa  
'Uling' ni Impo

*Abangan ang iba pang kwento sa seryeng podcast na ito.*

## **PAGKILALA**

### **Areté**

Estelle Marie M. Ladrado, PhD  
Ricardo G Abad, PhD

*Executive Producers*

D Cortezano

*Producer*

John Robert Yam

*Overall Sound Designer*

Harold André Santos

*Theme Music Composer*

John Robert Yam  
Nilo Beriarmente

*Sound Engineers*

Senanda Gomez

*Talent Coordinator and Production Associate*

Jethro Nibaten  
Adriane Ungriano  
Duane Ligot  
Rey Sotto  
Justine Ray Santos

*Sound Design and Technical Team*

Noriel Mendoza  
Vanessa Reventar

*Logistical Support*

Fran Alvarez

*Illustrator*

Lazir Caluya  
Vanessa Reventar

*Brand Developers*

Dreamlist Digital

*Web developers*

## **Embassy of India in Manila, Philippines**

Shambhu S. Kumaran

*Ambassador of India to the Philippines*

Vishwanjali M Gaikwad

*Second Secretary (Press, Information, and Culture)*

Michael James Mangaring

*Assistant*

## **Ateneo de Manila University Loyola Schools**

### **Kagawaran ng Filipino**

Michael M Coroza, PhD

*Translators*

Mark Benedict F Lim

Claudette M Ulit, PhD

Michael M Coroza, PhD

*Translation Editor*

Anna Trisha Monica O Abeleda

*Readers*

Ariel A Diccion

Jomar I Empaynado

Carlota B Francisco

John Carlo S Gloria

Sharmaine V Hernandez

Yolando B Jamendang, Jr

Glenda C Oris

Jerry C Respeto, PhD

Corazon L Santos, PhD

Jethro Niño P Tenorio

Andrea Anne I Trinidad